ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLIX Blg. 24
Disyembre 21, 2018
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Libong pagdiriwang para sa ika-50 anibersaryo ng ating Partido

Ngayong Disyembre, gugunitain at ipagdiriwang ng buong Partido at ng sambayanang Pilipino ang ika-50 taong anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Isanlibo't isang rali, pagtitipon at mga pulong ang ilulunsad ng lahat ng kadre ng Partido, mga Pulang mandirigma, mga rebolusyonaryo at aktibista sa mga pabrika, paaralan at sa mga base at larangang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan.

Gaano man kalaki o katindi ang mga opensibang militar, hindi mapipigilan ng rehimeng Duterte at Armed Forces of the Philippines ang pagdiriwang ng sambayanang Pilipino. Katunayan, sa ilang lugar, nakapaglunsad na ng maagang pagdiriwang na hindi man lamang napansin ng pasistang kaaway. Sa iba't ibang lugar, abala ang mga kasama sa paghahanda ng pagkain at pag-eensayo ng pinakamahuhusay na manganganta, mananayaw at iba pang artista na haharap sa ilulunsad na mga pagtatanghal.

Desperado ang AFP na pigilan ang anumang pagdiriwang ng rebolusyonaryong mamamayan. Dahil dito ay lalupa nitong pinatitindi ang kanilang mga operasyong militar. Lalong walang tigil ang panghahalihaw ng mga sundalo sa mga komunidad at kagubatang pinaghihinalaan nilang pagdadausan ng mga pagtitipon. Nagdudulot ng labis na ligalig sa mga residente ang pagpapaulan ng mga bala at

*"Libong...," sundan sa pahina 2*

## Kampo ng CAFGU, nilipol ng BHB

DALAWANG SUNDALO NG 3rd Special Forces Battalion at 12 elemento ng CAFGU ang bihag ngayon ng Bagong Hukbong Bayan-Agusan del Sur matapos kubkubin ng mga Pulang mandirigma ang kanilang kampo sa Barangay New Tubigon, Sibagat, Agusan del Sur. Isinagawa ang mapangahas na opensibang walang putok noong Disyembre 19, bandang alas-3 ng madaling araw.

Nasamsam din ng BHB-NEMR ang isang M60 masinggan, 17 M16, apat na M14, dalawang M4 *carbine*, isang Harris *radio* at daan-daang bala.

Ipinagbunyi ng mamamayan ang matagumpay na opensiba ng hukbong bayan.

*"Kampo...," sundan sa pahina 3*

*"Libong...," mula sa pahina 1*

bomba mula sa mga kanyon at helikopter sa mga lugar na ito.

Sa ngalan ng "paghadlang sa mga pag-atake ng BHB," nagtambak ang estado ng mga pulis at sundalo sa mga liblib na baryo para bantayan ang mga ito. Ang lahat ng ito ay sa kabila ng unilateral na pagdeklara ng PKP at BHB ng pansamantalang tigil-putukan para bigyan-daan ang mga selebrasyon, kapwa ang tradisyunal at rebolusyonaryo. Nakahanda ang PKP at BHB na bawiin ang deklarasyon kung labis na maging disbentahe ito sa harap ng walang-habas na mga opensiba ng kaaway.

Magdeklara man ang rehimeng US-Duterte ng pansamantalang tigil-putukan o hindi sa kapaskuhan, tiyak ang pag-arangkada ng mga operasyong militar at kampanya ng panunupil nito pagpasok ng bagong taon. Napalawig na ni Rodrigo Duterte sa sunud-sunurang Kongreso at Senado ang batas militar sa Mindanao. Napasaklaw na niya ito sa iba pang bahagi ng bansa sa pamamagitan ng Memo Order 32. Pormal na rin niyang itinayo ang National Task Force para tapusin diumano ang armadong tunggalian sa pamamagitan ng "whole-of-nation approach." Kasabay ng tuluy-tuloy na militarisasyon sa burukrasyang sibil at pagpapadeklara sa PKP at BHB bilang mga "teroristang" organisasyon, pinaiiral na ni Duterte ang batas militar sa buong bansa.

Sa paglulunsad ng malakihang mga operasyong militar, winawaldas ni Duterte ang pera ng bayan sa pagbili niya ng dagdag na mga bala, baril, kanyon, mortar, *rocket*, helikopter at *drone*. Ang mga ito ay salot sa mamamayang inaatake ng kanyang mga tropa.

Sinusuhulan niya ang mga ordinaryong sundalo ng pinalaking sweldo, at kamakailan, ayudang pinansyal sa mga elemento ng CAFGU, habang binubundat ang malalaking pinapaburang upisyal ng napakalaking pondo para kurakutin at dambungin. Ang totoong pakay ni Duterte ay bilhin ang suporta sa kanyang pasistang rehimen. Nais niyang gamitin ang AFP para pakialaman at manipulahin ang resulta ng eleksyong 2019, kung matutuloy nga, para iupo ang mga kandidatong pabor sa kanyang tiraniya at sa paghaharing militar ng AFP.

Sa kabila nito, palalim nang palalim ang disgusto ng mga ordinaryong sundalo ng AFP sa bulok at kriminal na rehimeng Duterte. Lubha silang pinapagod sa walang tigil na mga operasyong militar at pagbabala sa kanila sa kanyon ni Duterte. Samantala, lalong namumuhi ang mamamayan sa ginagawang malawakan at sapilitang rekrutment ng AFP sa CAFGU.

Kasabay ng pagdiriwang, dapat maghanda ang mamamayan sa mas matindi pang mga atake sa kanilang buhay at mga karapatan. Dapat paigtingin ng mamamayan ang paglaban sa umiiral nang batas militar sa buong bansa.

Dapat gawin ang lahat ng pagsisikap para pagkaisahin ang lahat ng mga pwersa at malawak na masa para biguin ang tiranikong paghahari at batas militar ni Duterte sa layuning patalsikin ang kanyang rehimen. Kabigin ang lahat ng organisasyon at personalidad para ibunyag at batikusin ang mga krimen at malalang korapsyon ni Duterte at kanyang pangkatin. Kasabay nito, dapat palakasin ang kilusang lihim para biguin ang brutal na mga atake ng rehimen.

Dapat maglunsad ang BHB ng paparaming taktikal na opensiba laban sa pinakapusakal na mga yunit ng AFP at PNP na nasa likod ng pinakamalalalang paglabag sa karapatang-tao at abusong militar. Sangkot din ang mga ito sa mga kriminal na aktibidad na tumatarget sa ordinaryong mamamayan, at protektor ng mapaminsalang mga operasyon sa mina, komersyal na plantasyon at iba pang mapandambong na korporasyon. Ang mga ito ang pinakapumipinsala sa kabuhayan ng mamamayan. AB

ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 24 | Disyembre 21, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/sine.proletaryo

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroom

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Libong pagdiriwang para sa ika-50 anibersaryo ng ating Partido 1

Kampo ng CAFGU, nilipol ng BHB 1

19 bagong medik sa CamNorte 3

Mga protesta 4

Teroristang paghahari ni Duterte 6

Todo-operasyon sa NCMR 8

Bilanggong pulitikal, namatay 8

Bahay ng lider-obrero, sinunog 8

Batas militar, pinalawig muli 9

Mga krimen ni Bush Sr. 10

CPI-Maoist, nagdaos ng plenum 11

Protesta ng mga "yellow vest" 11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Kampo...," mula sa pahina 1

Kabilang ang naturang detatsment sa mahigit 100 kampo sa Northeastern Mindanao na nagsisilbing pugad ng mga kriminal at pasimuno ng mga anti-sosyal na aktibidad. Notoryus din sila sa pangongotong sa mga maliitang magtotroso at minero at negosyante sa lugar.

Ayon kay Ka Sandara Amihan, tagapagsalita ng BHB sa prubinsya, ang mga nabihag na sundalo at CAFGU ay makataong tinatrato. Nagpahayag naman ang Partido Komunista ng Pilipinas na palalayain ang mga bihag ng digma sa panahong itigil ng Armed Forces of the Philippines ang mga opensiba nito. Ito'y upang matiyak ang kaligtasan sa pagpapalaya ng mga bihag. Nanawagan din ang Partido sa mga *third-party facilitator* na makipag-ugnayan sa kinauukulang kumand ng BHB para sa pagpapalaya sa mga bihag.

Binati din ng PKP ang matagumpay na opensiba ng BHB-Sorsogon noong Disyembre 17 ng gabi. Pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang istasyon ng pulis sa sentro ng bayan ng Magallanes, kasunod ang pag-atake rin sa kampo ng PNP Mobile Force sa Barangay San Ignacio, Gubat. Tatlong pulis ang sugatan sa mga opensibang ito.

Sa North Central Mindanao, dumanas ng 14 kaswalti ang AFP sa aktibong depensang inilunsad ng mga yunit ng BHB sa hangganan ng mga prubinsya ng Misamis Oriental, Bukidnon at Agusan del Sur. Hindi bababa sa 13 labanan ang naganap sa lugar. Iniulat ng mga residente na dalawang patay na sundalo ang inilabas noong Disyembre 7 ng gabi sa Barangay Hagpa, Impasug-ong, Bukidnon at 12 sugatan naman ang palihim na hinakot ng mga trak at ambulansya pagsapit ng hatinggabi sa katabing barangay ng Calabugao sa parehong bayan. AB

# 19 bagong medik sa Camarines Norte

MATAGUMPAY NA NAILUNSAD ang pamprubinsyang pagsasanay sa Batayang Kursong Pangkalusugan sa isang larangang gerilya sa ilalim ng Armando Catapia Command (ACC o BHB Camarines Norte) nitong Nobyembre. Labing siyam ang nakapagtapos mula sa yunit ng hukbo, milisyang bayan at sa mga organisasyong masa sa baryo.

Pangunahing pinadalo sa pagsasanay ang mga tatayong upisyal medikal ng mga yunit ng hukbo, milisyang bayan at mga nasa subkomite sa kalusugan ng mga organisasyong masa. Karamihan sa mga dumalo ay limitado pa ang karanasan sa gawaing medikal. Subalit dahil naunawaan nila ang kahalagahan ng gawain sa pagsusulong ng rebolusyon, naging bukas silang matuto.

Sa proseso ng pagsasanay ay naging masigla ang partisipasyon ng lahat na mga delegado. Naging aktibo sila laluna sa paksang Unang Lunas dahil ayon sa kanila, mahalaga ito sa panahong nagkakaroon ng labanan. Nagbigay ng ibayong kumpyansa sa mga tatayong medik ng yunit ang kanilang naging pagsasanay. Ang makapagligtas ng pasyente ang naging tuon ng kanilang pagsisikap upang matuto ng iba't ibang paraan ng panggagamot. Para sa mga pultaym sa hukbo, naging hamon sa kanila ang pagiging medik sa panahon ng mga taktikal na opensiba ng BHB at maging sa mga di-inaasahang depensiba.

Nagdiin naman ang mga delegado mula sa mga organisasyong masa na makapagbigay ng serbisyong medikal sa kanilang baryo. Idiniin din sa pagsasanay ang kahalagahan ng "Revolutionary Medical Code of Ethics," kung saan nakasaad dito ang wastong pakikitungo ng isang medik sa kapwa medik, sa pasyenteng hukbo at masa, maging sa pasyente ng kaaway sa panahon ng mga labanan.

Malaking tagumpay ang pagkakalunsad ng nasabing pagsasanay sa gitna ng tuluy-tuloy na mga operasyong kombat at "peace and development" ng militar sa prubinsya mula pa noong Pebrero. Sinaklaw ng mga ito ang walong baryo ng bayan ng Labo at nagsasagawa ng tuluy-tuloy na paggalugad at pagbase sa mga sentrong baryo.

Matapos ang pagsasanay ay kumpyansa ang Partido at BHB sa Camarines Norte na kaya nilang harapin ang atake ng kaaway at maglunsad ng papadalas na mga taktikal na opensiba dahil may mga medik na patuloy na magpapaunlad sa kanilang kasanayan sa gitna ng umiigting na armadong pakikibaka sa ilalim ng diktador at pasistang rehimeng US-Duterte. AB



# Libu-libo nagprotesta sa Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao

Hindi bababa sa 20,000 ang nagprotesta sa higit 20 prubinsya at syudad ng Pilipinas bilang paggunita sa ika-70 taon ng Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao noong Disyembre 10. Nagprotesta rin ang mga Pilipino at kanilang mga tagasuporta sa ibayong dagat.

Sa kabila ng batas militar, nasa 10,000 ang nagprotesta sa Mindanao. Pinabulaanan nila ang kasinungalingan ni Duterte at sama-samang kinundena ang pag-iral ng batas militar at ang muling pagpapalawig nito.

Sa Metro Manila, higit-kumulang 5,000 ang lumahok sa United People's March for Human Rights na pinangunahan ng Bayan at Karapatan. Nagmartsa ang grupo mula sa Liwasang Bonifacio, Lawton tungong Mendiola sa Maynila.

Kasama sa protesta ang mga Lumad, mga manggagawa ng Sumifru at iba pang sektor na naglakbayan mula pa sa Mindanao. Nakiisa rin ang hanay ng mga Dumagat, manggagawa at magsasaka mula sa Southern Tagalog.

**Luzon.** Pinangunahan ng Cordillera Movement Against Tyranny at Cordillera Human Rights Alliance ang ilandaang nagprotesta sa Session Road, Baguio City para labanan ang panggigipit at panunupil sa mga tagapagtanggol ng karapatan ng mga katutubo.

Sumugod at nagpiket naman ang Ilocos Human Rights Alliance at Solidarity of Peasants Against Exploitation sa mga panrehiyong upisina ng gubyerno sa San Fernando, La Union. Naglunsad din ng mga pagtitipon at protesta sa Tuguegarao City, Didipio sa Nueva Vizcaya at Bangued, Abra.

Sa Central Luzon, nagmartsa ang mga magsasaka at iba pang demokratikong sektor sa pamumuno ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon sa Cabanatuan, Nueva Ecija.

Sa Bicol, ilang libong kasapi ng Bayan-Camarines Sur at Camarines Sur Ecumenical Movement for Justice and Peace ang nagprotesta sa Plaza Oragon sa Naga City. Naglunsad ng kaparehong protesta sa mga syudad ng Legazpi at Sorsogon, at mga prubinsya ng Camarines Norte, Catanduanes at Masbate.

**Visayas.** Sa Panay, ilang libo ang nagprotesta sa pangunguna ng Bayan at Karapatan sa isang United People's Action against Dictatorship sa harapan ng Iloilo Provincial Capitol.

Sa Eastern Visayas, pinangunahan ng Bayan ang mga pagkilos ng mahigit 800 aktibista sa Tacloban, Leyte, at sa Catbalogan at Las Navas sa isla ng Samar.

Higit 1,000 kasapi ng Bayan-Negros ang kumilos sa Bacolod City Public Plaza para manawagan ng hustisya sa pagmasaker sa siyam na magsasaka sa Sagay at pagpaslang sa abogadong si Atty. Benjamin Ramos.

Sa Cebu City, nagmartsa ang Bayan at Karapatan sa Fuente Osmeña Circle tungong Metro Colon. Sa Bohol, naglunsad din ng programa ang mga magsasaka sa ilalim ng Humabol-KMP at Gabriela sa City Square, Agora, Tagbilaran City.

**Mindanao.** Umabot sa 7,000 Lumad mula sa MAPASU, KASALO at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao ang nagprotesta sa Butuan City, Agusan del Norte. Kinundena nila ang marahas na pag-okupa ng mga militar sa mga komunidad at paaralang Lumad.

Pinangunahan naman ng Bayan ang martsa ng 3,000 katao sa Cagayan de Oro City.

Sa Davao City, binatikos ng mga raliyista si Mayor Sara Duterte at kanyang ama sa listahan ng paglabag sa karapatang-tao. Isinagawa ang protesta sa Freedom Park sa naturang syudad sa pangunguna ng Karapatan. Kaparehong protesta ang inilunsad sa General Santos City at Tandag City.

**Ibayong-dagat.** Sa Indonesia, nagprotesta ang mga kasapi ng International League of People's Struggle at People's Struggle Front sa US Embassy sa Jakarta.

Kumilos rin sa Brussels, Belgium ang International Coalition for Human Rights in the Philippines (ICHRP) para suportahan ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Pilipinas.

Samantala, nagprotesta ang mga Pilipino sa pangunguna ng ICHRP sa Consulate General of the Philippines, New York City at nagmartsa tungong Trump Towers. Ipinanawagan nila ang pagpapatigil ng ayudang militar ng US sa rehimeng Duterte.

Kaparehong pagkilos ang inilunsad sa Vancouver, Canada. AB



## Martsa ng pagkakaisa kontra demolisyon, inilunsad

Ilang daan mula sa mga Distrito 3, 4 at 5 ng Maynila ang lumahok sa martsa ng pagkakaisa noong Disyembre 9 laban sa demolisyon. Nilahukan ito ng mga kasapi ng Sampaloc People's Alliance at Ugnayan ng Mamamayang Tatamaan ng Connector Road-PNR Project. Nakiisa si Anakpawis Rep. Ariel Casilao sa pagkilos.



Balak magtayo ng kalsada ang proyekto ng Philippine National Railways sa lugar na magpapalayas sa higit 180,000 residente. Tinutulan din ng grupo ang mga ambisyosong proyektong imprastraktura ng rehimeng Duterte sa ilalim ng 'Build Build Build'.

Sa Davao City, nagprotesta noong Disyembre 15 ang mga residente ng Catalunan Pequeño Subdivision na matatamaan ng Mindanao Railway Project. Higit 10 subdibisyon ang tinatayang maaapektuhan ng nasabing proyekto sa ilalim ng programang 'Build Build Build'.

## Pagkilos ng mga drayber at opereytor ng dyip, ikinasa

Naglunsad ng isang pambansang koordinadong pagkilos noong Disyembre 5 ang No to Jeepney Phaseout Coalition at Pinagkaisang Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide (PISTON). Giit nila ang pagbasura sa peke at maka-negosyong programang modernisasyon ng dyip na sisimulan sa Marso 2019.

Nagmartsa ang mga drayber at opereytor ng dyip tungong Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) sa East Avenue, Quezon City. Nagprotesta rin ang Baguio-Benguet Movement Against Jeepney Phase-Out sa Baguio City at ang PISTON-Central Luzon sa harapan ng panrehiyong upisina ng LTFRB sa San Fernando City, Pampanga.

Noong Disyembre 10, kasabay ng pagdinig sa badyet ng Department of Transportation (DOTr) sa Senado nagtipon ang iba't-ibang grupo ng mga drayber at opereytor ng dyip, trak, bus at UV express para labanan ang pekeng modernisasyon at mga anti-mahirap na programa ng DOTr. Lumahok rin ang mga grupo ng *truckers* mula sa Cavite, Laguna at Bulacan at mga opereytor ng bus mula sa Cavite at Batangas.

Nagprotesta naman ang mahigit 1,000 drayber ng Angkas sa ilalim ng Riders of the Philippines sa People Power Monument matapos ipagbawal ng Korte Suprema ang operasyon ng Angkas. Hiling nila na maibalik ang operasyon ng pribadong transportasyon para sa kanilang kabuhayan.




## Unang taon ng batas TRAIN, prinotestahan

Noong Disyembre 14, nagsagawa ng isang piket-protesta ang mga progresibo sa pangunguna ng GABRIELA sa Mendiola sa Maynila. Kaugnay ito ng isang taon nang implementasyon ng pahirap na batas na Tax Reform for Acceleration and Inclusion. Nagdulot ang batas ng pagsirit ng presyo ng mga batayang bilhin sa bansa sa loob ng isang taon nito.

## 'Red-tagging' sa Panay, kinundena

Nagtipon noong Disyembre 12 ang mga kasapi ng Bayan sa Plazoletegay sa Iloilo City para sa isang *press conference* at piket. Kinundena nila ang kamakailang paglalabas ng mga elemento ng estado ng mga *poster* na pinapangalanan ang may 45 kasapi ng mga progresibong organisasyon bilang mga "teroristang komunista". Kasama sa mga pinangalanan ang mga kasapi ng National Union of People's Lawyers, Karapatan at League of Filipino Students. Parehong pagkilos ang inilunsad sa Aklan kinabukasan.

## Mga tagapagtanggol ng kalikasan, nagprotesta

Matapos ang unang kumperensya ng mga tagapagtanggol ng kalikasan noong Disyembre 7, pinangunahan ng Center for Environmental Concerns at Kalikasan People's Network for the Environment ang isang protesta sa Mendiola sa Maynila. Nanawagan sila ng hustisya para sa mga pinaslang na mga tagapagtanggol ng kalikasan.

Iginiit din ng mga delegado sa kumperensya ang pagpapatigil sa mga itinatayong *megadam*, mga dayuhang mina, kapitalistang plantasyon at mga proyektong reklamasyon. Anila, nilalabag ng mga ito ang karapatan para sa isang ligtas at malusog na kapaligiran. AB

# Ang nagpapatuloy na teroristang paghahari ni Duterte




*Kasabay ng paggunita sa International Human Rights Day noong Disyembre 10, nilagom ng Ang Bayan (AB) sa isang ulat ang mga ibinalita nitong mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP) at iba pang armadong mga ahente ng rehimeng US-Duterte ngayong taon. Mababasa ang buong ulat sa www.philippinerevolution.info.*

Nakapagtala ang AB ng abereyds na 82 kaso ng paglabag sa karapatang tao bawat araw at kabuuang 29,869 na biktima mula Enero hanggang Disyembre 7, 2018. Aabot sa apat ang pinaslang bawat dalawang linggo habang hindi bababa sa tatlo ang iligal na inaresto at idinetine kada linggo. May 12 aktibista at progresibo naman ang pinagbantaan, ginipit at tinakot bawat araw. Ang ulat na ito ay nagpapatunay sa malubhang kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas kahit maraming ibang kaso ang hindi pa naiuulat sa AB.

Sa pagpapatupad ni Duterte ngayong taon ng National Internal Security Plan (NISP), na naglalayon umanong durugin ang rebolusyonaryong armadong kilusan, tumindi ang pasistang panunupil sa kalayaang sibil at mga demokratikong karapatan at mabagsik na mga atake laban sa mamamayan, laluna sa aping masang magsasaka, manggagawa at pambansang minorya.

## Pagpaslang, tangkang pagpaslang at tortyur

Batay sa inisyal na taya ng AB, hindi bababa sa 106 sibilyan ang naging biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang ngayong taon. Sa Negros Island na inihahambing sa isang bulkang nagbabadyang sumabog dahil sa matitinding tunggalian sa lupa, 23 ang pinaslang, 18 sa kanila ay mga magsasaka. Kabilang sa mga biktima ang siyam na kasapi ng National Federation of Sugar Workers na minasaker ng mga elemento ng Special Cafgu Active Auxiliary sa Sagay City, Negros Occidental noong Oktubre 20.

Dalawampu naman ang pinaslang sa Bicol, kabilang ang limang sibilyan na minasaker ng mga elemento ng CAFGU sa Aroroy, Masbate noong Hunyo 8. Samantala, 44 sa mga biktima ang pinaslang sa Mindanao sa ilalim ng nagpapatuloy na batas militar.

Dagdag pa rito ang 47 biktima ng tangkang pagpaslang, kabilang sina Jerry Alicante at Victor Ageas, mga kasapi ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farms, na binaril ng mga di nakilalang lalaki sa Compostela Valley sa magkahiwalay na insidente noong Nobyembre 11 at Setyembre 4.

Hindi bababa sa 37 indibidwal ang tinortyur, kabilang ang limang menor-de-edad na binugbog at pinagbantaang papatayin ng 19th IB noong Nobyembre 18.

## Pambobomba, istraping, atake sa mga komunidad at sapilitang pagbabakwit

Naiulat ng AB ngayong taon ang 22 insidente ng walang patumanggang pambobomba at/o istraping at 54 insidente ng okupasyong militar sa mga komunidad na nagresulta sa pagbabakwit ng 24,667 indibidwal (labas pa sa mga residente ng Marawi na nananatili pa rin sa mga *evacuation center*).

Apat na insidente ng pambobomba at/o istraping ang natala sa Northern Mindanao. Samantala, 11 insidente ng okupasyon at atake ang natala bawat isa sa Southern Tagalog at Caraga. Nakapagtala rin ng malakihang pagbabakwit ng mga residenteng Moro mula sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (12,100 bakwit) at mga residenteng magsasaka at Lumad mula sa Caraga (8,791).

Kabilang sa mga pinakamabangis na aksyong militar ang idinirehe ng US Army Special Forces na pambobomba at panganganyon ng AFP Joint Task Force Central sa Shariff Aguak, Maguindanao noong Setyembre 5 na nagresulta sa pagkamatay ng isang sibilyan at pagkasugat ng dalawang iba pa; ang istraping at pambobomba ng Joint Task Force Ranao sa tatlong bayan ng Lanao del Sur noong Hunyo 14-17 na nagresulta sa pagbabakwit ng mahigit 11,000 indibidwal; at ang ilang ulit na pagbabakwit ng libu-libong Manobo mula sa Lianga at San Agustin, Surigao del Sur at daan-daang Dumagat mula sa Gen. Nakar, Quezon dahil sa walang puknat na pandarahas ng mga tropa ng AFP na umookupa sa kanilang mga komunidad.

## Iligal na pag-aresto at detensyon

Ngayong taon, hindi bababa sa 271 ang iligal na inaresto at idinetine ng mga elemento ng AFP at PNP. Dagdag rito ang 407 biktima ng arbitraryong detensyon.

Sa Central Luzon, 50 kaso ng iligal na pag-aresto at detensyon ang naiulat. Kabilang sa mga biktima ang 42 inaresto ng PNP-Meycauayan sa NutriAsia matapos ang marahas na mga dispersal ng piket ng nagwewelgang mga manggagawa sa harap ng pagawaan sa Marilao, Bulacan noong Hunyo 14 at Hulyo 30.

Sa rehiyon ng Davao, aabot sa 45 ang iligal na inaresto at idinetine. Kabilang sa mga pinakamasahol na kaso ang iligal na pag-aresto sa 18 lider masa at aktibista na sinampahan ng gawa-gawang kaso ng *kidnapping* at *human trafficking* sa Tagum City noong Nobyembre 29. Isang araw bago nito, arbitraryong idinetine ng mga elemento ng estado ang mga biktima kasama ang 61 iba pa sa Talaingod, Davao del Norte.


## Pagbabanta, panggigipit at pananakot

Hindi bababa sa 4,282 indibidwal ang pinagbantaan, ginipit at tinakot ngayong taon. Aabot sa 1,659 ang mga biktima mula sa Caraga, 1,600 sa kanila ay mga bakwit na Manobo na ginipit ng mga tropa ng 75th IB habang patungo hanggang sa pagdating nila sa *evacuation center* noong Hulyo 16-18.

Kabilang rin sa mga biktima ang mga konsultant ng National Democratic Front of the Philippines na sina Rey Casambre, Adelberto Silva, Vicente Ladlad at Rafael Baylosis na iligal na inaresto ngayong taon. Kabilang sila sa 600 pangalan ng mga aktibista at personalidad sa pulitika na inilista sa kasong proskripsyon ng rehimen.

Kamakailan, inilabas ng rehimen ang Executive Order 70, na lumikha sa National Task Force (na magpapatupad umano sa "whole-of-nation approach," halaw sa konseptong "whole-of-government" na nakasaad sa Counterinsurgency Guide ng US State Department noong 2009), at Memorandum Order 32 (na direktang nagdeploy ng dagdag na mga batalyon sa tatlong rehiyon para umano labanan ang "karahasan at terorismo") para iratsada ang pag-iinstitusyonalisa sa NISP. Kasangkapan ang iskemang ito para sa pagtatatag ng pasistang diktadura sa buong bansa, tiyak na higit pang titindi ang panunupil sa darating na taon.

Sa hiwalay na mga ulat, nakapagtala sa Southern Mindanao ng hindi bababa sa 90 kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa ilalim ng rehimeng Duterte. Sa bilang na ito, 21 ay naganap mula Enero hanggang Nobyembre ngayong taon. Labingdalawa sa mga biktima ay mula sa Compostela Valley na binansagang "lambak ng kamatayan." Aabot naman sa 27 sibilyan ang iligal na inaresto ngayong taon, kung saan anim sa kanila ay kasalukuyan pang nasa detensyon at dagdag sa 49 na iba pang bilanggong pulitikal sa rehiyon na inaresto at idinetine sa ilalim ng rehimeng Duterte. Samantala, sa North Central Mindanao, 927 na indibidwal naman ang sinampahan ng gawa-gawang kasong kriminal.



# Todo-operasyon ng AFP sa Northern Mindanao, salot sa mamamayan

Inambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bukidnon ang mga sundalo ng 8th IB noong alas-2 ng umaga ng Disyembre 20 sa Sityo Nasandigan, Barangay Kalabugao, Impasug-ong, Bukidnon. Tatlo ang napatay at dalawa ang nasugatan sa mga sundalong palabas na mula sa operasyon.

Ang yunit na inambus ay bahagi ng todo-operasyon at walang-ampat na pambobomba na isinasagawa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga hangganan ng mga prubinsya ng Misamis Oriental, Bukidnon at Agusan del Sur mula pa noong unang linggo ng Disyembre. Bahagi ito ng pagtatangka ng AFP na pigilan ang mga paghahanda para sa pagdiriwang ng Pasko at Bagong Taon sa mga komunidad nito.

Maliban sa 8th IB, pinakilos rin ng rehimeng US-Duterte ang mahigit 400 tropa mula sa 58th IB, Charlie Company ng 4th ID, 4th Division Reconnaisance Company (DRC), Scout Rangers, Special Action Forces ng Philippine National Police at mga yunit ng CAFGU. Mula Disyembre 2-14, hindi bababa sa 43 siksbay na trak ang naghakot ng mga sundalo patungong *battle zone*. Halos araw-araw ay nagsagawa ng panganganyon ng 105 *howitzer* habang naghuhulog ng mga bomba ang mga MD-520 *attack helicopter*. Nagdulot ang mga ito ng matinding takot sa mga residenteng sibilyan sa lugar.

Hinahalihaw ng militar ang nasabing lugar para itulak ang Kalabugao Plains Peace and Develop-

"Todo-operasyon...," sundan sa pahina 9




## Bilanggong pulitikal, namatay

NAMATAY ANG BILANGGONG pulitikal na si Alex Arias, 63 taong gulang, habang nasa kulungan noong bisperas ng pagdiriwang ng International Human Rights Day. Inatake siya sa puso bandang ala-7:30 ng gabi at idineklarang patay pagdating sa Rizal Medical Center sa Pasig City. Siya ang pangatlong bilanggong pulitikal na namatay sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Si Arias ay may sakit na alta-presyon at diabetes. Siya ay dating tagapangulo ng Pagkakaisa at Ugnayan ng mga Magbubukid sa Laguna, at kaanib na organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Inaresto siya noong Abril 7, 2012 sa gawa-gawang mga kaso ng *kidnapping* at *frustrated homicide*, at ikinulong sa Metro Manila District Jail.

Kabilang si Arias sa 160 maysakit at may edad na mga bilanggong pulitikal na pinangakuang palalayain ni Duterte bilang bahagi ng pakikipagmabutihan kaugnay sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines at Government of the Republic of the Philippines.

Noong Nobyembre 28, 2016, namatay sanhi ng atake sa puso si Bernabe Ocasla, isang lider magsasaka. Habang nasa kulungan siya ay nagkaroon ng sakit sa puso at alta-presyon. Noon namang Setyembre 12, 2017, namatay ang 74 anyos na si Marcos Aggalao sa Kalinga Provincial Hospital, Kalinga. Siya ay nag-uulyanin na at may sakit na pulmonya at alta-presyon.

Ang pagkamatay ng tatlong bilanggong pulitikal sa ilalim ng rehimeng Duterte, ayon sa Karapatan, ay isang masaklap na reyalidad kumpara sa espesyal na trato kina dating First Lady Imelda Marcos at iba pang kilalang tao na pinayagang makalaya sa kabila na sila ay hinatulang nagkasala. AB

## Bahay ng lider obrero, sinunog sa Compostela

SINUNOG NG MGA hindi kilalang tao noong alas-2 ng madaling araw ng Disyembre 15 ang bahay ni Paul John Dizon, presidente ng NAMASUFA (Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farms), sa poblasyon ng Compostela sa Compostela Valley.

Natupok din ang bahay ng dating NAMASUFA President at dating Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao Region Chairperson Vicente Barrios na nasa likuran ng bahay ni Dizon, at ang upisina ng unyon. Ang nasunog na mga bahay at upisina ay mga 30 metro ang layo mula sa Packing Plant 220 ng Sumifru.

Una nang tinangkang sunugin ang bahay ni Dizon noong Nobyembre 29 at pinagbabaril kinabukasan. Nangyari ang mga insidenteng ito habang nagkakampo ang mga delegado ng NAMASUFA sa paanan ng Mendiola. AB

# Batas militar sa Mindanao, muling pinalawig

Sa ikatlong pagkakataon, muling pinalawig ng isang taon ang implementasyon ng batas militar sa buong isla ng Mindanao matapos aprubahan ng Joint Session ng House of Representatives at Senado noong Disyembre 12 ang hiling na ito ni Rodrigo Duterte.




Sa botong 223-23 sa House of Representatives at 12-5 sa Senado habang may isang nag-abstain, pinahintulutang muli ng Kongreso ang madugong paghahari ng militar sa Mindanao.

Sinalubong ito ng protesta ng mga progresibong grupo mula sa Mindanao at mga taga-suporta sa pangunguna ng Bayan. Habang isinasagawa ang *joint session* ay nagprograma sa labas ng Batasan Pambansa ang mismong mga biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao sa Mindanao. Naglunsad din ang mga manggagawa ng Sumifru ng isang simbolikong *die-in protest* para ipakita ang daan-daang biktima ng paghaharing militar.

Isang pagkilos din ang isinagawa ng mga mga kabataan at manggagawa ng Sumifru sa Liwasang Bonifacio, Lawton, Manila kinagabihan.

Sa absolutong pamamahala ng militar sa burukrasyang sibil, lalong titindi ang mga paglabag sa karapatang-tao ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP). Gagamitin din ito ng AFP at PNP para paupuin ang mga tuta nito sa eleksyong Mayo 2019.

Gayundin ngayong Disyembre, sa kabila ng mga tradisyunal na pagdiriwang ay walang-ampat at pinatindi ang paglulunsad ng mga operasyong dumog ng AFP sa mga rehiyon ng Mindanao. Hinahalihaw nito ang mga komunidad at baryo para i-sabotahe ang mga pagdiriwang ng Bagong Hukbong Bayan sa ika-50 anibersaryo ng Partido. Ito ay sa kabila ng pagdedeklara ng Partido Komunista ng Pilipinas ng isang tigil-putukan sa mga tradisyunal na araw ng pagdiriwang. AB

---

*"Todo-operasyon...," mula sa pahina 8*

ment Convergence Program (KP-PDCP). Sa katunayan, nag-umpisa na noon pang 2016 ang mga paghahanda para sa proyektong ito na ipinadaan sa mga ahensya ng gubyerno ayon mismo sa ulat ng mga nagawa ng Technical Working Group.

Pinangasiwaan ng Department of the Interior and Local Government ang pagpapaunlad ng sistemang patubig, konstruksyon ng *spillway*, at pagsasaayos ng daanan sa Barangay. Bulonay tungong Pulangui River.

Samantala, ang National Commission on Indigenous Peoples ang nanguna sa pagtatakda ng mga hangganan at pagsasa-titulo ng lupaing ninuno, at pagcodify ng mga tradisyunal na batas. Ipinatupad naman ng Department of Environment and Natural Resources ang pagtatanim ng 1,330 na mga puno na karamihan ay hindi kapaki-pakinabang sa komunidad.

Tinapos na rin ng Department of Public Works and Highways ang daan na nagdudugtong sa Agusan del Sur at Bukidnon ang Danay-Kalabugao-Adtalawon Road na may halagang P752 milyon. Layunin nitong pabilisin ang pagpasok ng mga materyales sa masukal na bahagi ng Kalabugao para sa KP-PDCP.

Nagrekluta rin ng mga regular na kasapi ng Philippine Army sa mga komunidad ng Kalabugao para mangasiwa sa "kapayapaan" ng lugar.

Marami pang ibang ahensya ang pinakilos para maisakatuparan ang proyektong ito para umano'y "mapaunlad" ang Kalabugao na 'binibiktima' ng Bagong Hukbong Bayan. Paunang implementasyon na rin ito ng "whole-of-nation approach" alinsunod sa National Internal Security Plan ng rehimeng Duterte.

Dulot ng patuloy na atakeng miltar, nabulabog ang kabuhayan ng mga residenteng Lumad. Lubhang naapektuhan ng nagpapatuloy na opensibang militar ng AFP ang mga residente sa mga sityo ng Lakbangan at Kalhaan sa Barangay Minalwang, Claveria, Misamis Oriental. Apektado rin ang mga barangay ng Kalabugao, Bulonay at Hagpa sa bayan ng Impasug-ong, Bukidnon, at sa Sityo Kulili, Barangay San Vicente, bayan ng Esperanza, Agusan del Sur.

Samantala, sa kabila ng pagdedeklara ng Partido Komunista ng Pilipinas at BHB ng isang pansamantalang tigil-putukan kasabay ng pagdiriwang ng Pasko at Bagong Taon, nagdeklara ang AFP na hindi ito mag-oobserba ng tigil-putukan.

Sa paglulunsad ng walang-tigil na operasyong kombat ng AFP, binuhusan nito ng malamig na tubig ang pag-asa ng kanilang mga sundalo na magkaroon ng maiksing bakasyon kasama ng kanilang pamilya. AB

# Ang mga tinabunang krimen sa gera ng yumaong Bush

Puring-puri ang masmidya ng US kay dating presidenteng George Herbert Walker Bush o Bush Sr. nang yumao ito noong Nobyembre 30. Pakay ng mga papuring ito ng mapambolang masmidya at elitistang pulitiko na ibaon sa limot ang mga krimen sa gera at henosidyong karahasan ng imperyalistang US. Ngunit para sa mga kritiko ni Bush Sr., hindi kailanman malilimutan ang kanyang krimen sa sangkatauhan.

Sa partikular, hindi malilimutan ang mga krimen sa gera ni Bush Sr. sa 1991 Gulf War kung saan nakilala siya bilang "berbugo ng Baghdad," at may pananagutan sa pagkamatay ng may 200,000 Iraqi noong 1991 Gulf War na kinatangian ng matinding "aerial bombardment" sa kasaysayan ng gera.

**Mga pagsisinungaling para sa gera**

Ayon sa kanyang mga kritiko, nagsinungaling si Bush Sr. para ilarga ang imperyalistang gera laban sa Iraq. Ginamit niya ang propaganda sa maraming larangan para palakihin ang suporta sa gerang agresyon sa Persian Gulf. Makaraang sakupin ng Iraq sa ilalim ni Saddam Hussein ang katabing maliit na bansang Kuwait noong Agosto 1990, agad na tinrabaho ni Bush Sr. na ilarawan si Saddam na isang "banta at salot sa mundo."

Ang hindi binanggit ni Bush Sr. ay ang mismong embahador ng US sa Iraq noon na si April Glaspe ang siyang nagbigay ng pahintulot kay Saddam noong Hulyo 1990, isang linggo bago atakehin at sakupin ang Kuwait.

Para tuluy-tuloy na suportahan ang 1991 Gulf War, binatikos ni Bush Sr. si Saddam bilang brutal na diktador na lumalabag sa internasyunal na batas sa pagsakop sa Kuwait, at na siya'y isang banta sa pambansang seguridad ng Amerika. Pinatingkad ni Bush Sr. ang usapin ng karapatang-tao sa kanyang matatayog na mga talumpati at inihambing si Saddam bilang "nabuhay na Hitler."

Naghabi ng kwento ang US tungkol sa diumano'y brutal na pagpatay ng mga sundalong Iraqi sa mga sanggol sa mga ospital ng Kuwait. Tumestigo sa US Congress ang isang 15-taong babaeng Kuwaiti na pinangalanan lamang na si "Nayirah" na nakasaksi daw sa pagpasok sa mga ospital ng mga tropang Iraqi. Iyon pala, si Nayirah ay anak ng embahador ng Kuwait sa US at sinanay ng isang kumpanyang public relations sa pagharap niya sa kongreso. Sa ulat ng Canadian Broadcasting Corporation, wala silang nakitang ebidensya ng sinasabing pagpatay sa mga sanggol.

Kinampanya ni Bush Sr. na dapat patalsikin ang pwersa ni Saddam sa Kuwait dahil sa kasaysayan nito ng paggamit ng armas kemikal at pagpapaunlad umano ng armas nukleyar. Sa kabila na may alam at pahintulot ng US, inakusahan ni Bush Sr. ang dating alyadong si Saddam na gumamit ng armas kemikal laban sa Kurds sa syudad ng Halabja noong 1988 na nagresulta sa pagkamatay ng 6,800 na karamihan ay mga sibilyan.

Nabunyag nitong huli sa mga dokumentong ipinalabas ng gubyernong US na sentral na layunin sa paglunsad ng gera laban sa rehimen ni Saddam ay ang interes nito sa langis. Sa National Security Directive 26 noong 1989 at National Security Directive 54 noong Enero 1991 na nilagdaan ni Bush Sr. ay kapwa nagdeklarang mahalaga ang langis sa Middle East sa pambansang seguridad ng US at patuloy na gagamit ng lakas ang US para ipagtanggol ang interes na ito.

Ipokrito at isang malaking panloloko sa publiko ng gubyernong Bush Sr. ang pag-akusang nag-iipon si Saddam ng armas kemikal gayong bilyun-bilyong dolyar ang ibinigay ng US sa Iraq bilang ayudang militar at pang-ekonomiko mula dekada 1980 hanggang sa pagsalakay ni Saddam sa Kuwait.

Noong 1992, iniulat sa isang prominenteng telebisyon sa US na pinahintulutan (at palaging hinihimok) ng mga rehimeng Reagan at Bush Sr. ang pagdaloy ng pera, mga kemikal, mga pautang pang-agrikultura, *dual-use technology* o pagpahintulot na magpaunlad ng armas kemikal, at kagamitang pandigma sa Iraq.

**Mga krimen sa gera**

Naglunsad ng gera laban sa Iraq ang pwersang koalisyong pinamunuan ng US noong Enero 17, 1991 at mabilis na natapos ito sa pagkatalo ni Saddam. Sa proseso ng gerang ito, naghulog ang US ng 88,500 toneladang bomba at sa inokupa nitong Kuwait, na nagresulta sa pagkamatay ng maraming sibilyan.

Sa isang ulat halimbawa noong Pebrero 1991, hindi bababa sa 408 ang napatay na sibilyang Iraqi sa pambobomba sa isang *air-raid shelter* sa komunidad ng Amiriyah sa Baghdad, kabisera ng Iraq. Ayon sa Human Rights Watch (HRW), alam ng US Defense Department na ang pasilidad sa Amiriyah ay ginamit na isang *civil defense shelter* noong panahon ng gerang Iran-Iraq, ngunit sinalakay pa rin ito ng US na walang babala. Isa itong seryosong paglabag sa mga batas ng gera, akusa ng HRW sa administrasyong Bush.

Winasak ng US ang mga esensyal na sibilyang imprastruktura ng Iraq tulad ng mga pasilidad para sa paglikha ng kuryente at paglilinis ng

*"Bush...," sundan sa pahina 11*

## CPI-Maoist nagdaos ng ikalimang Plenum

IDINAOS NG PARTIDO Komunista ng India (CPI-Maoist) ang ikalimang Plenum nito noong Nobyembre 2018 at naghalal ng bagong mga kasapi. Nagharap ng pagbibitiw bilang Pangkalahatang Kalihim ng Partido si Kasamang Ganapathy para bigyan-daan ang mga nakababatang kasapi ng Komite Sentral. Ang kanyang lumalalang kalagayan ng kalusugan at pagtanda ang mga batayan ng kanyang pagbibitiw.

Kinilala ng bagong Komite Sentral (KS) si Kasamang Ganapathy sa kanyang ambag bilang Pangkalahatang Kalihim ng CPI-Maoist simula pa 1992. Katuwang ang Komite Sentral, pinamunuan niya ang Partido sa harap ng mga pagsasanib ng mga partido at mga internal na kaguluhan. Kasalukuyang naglulunsad ang CPI-Maoist ng isang matagalang digmang bayan laban sa reaksyunaryong sistema ng India. Ayon sa Partido, susing ambag niya ang pagpapalakas ng kolektibong pamumuno ng Komite Sentral.

Inihalal ng Plenum si Kasamang Basavaraju para tumindig bilang Pangkalatahang Kalihim ng Partido. Kasapi siya ng KS sa loob ng 27 taon at ng Pampulitikang Kawanihan ng 18 taon. Sa kalakhan, tinanganan niya ang pamumuno sa Central Military Commission, na nakapag-ambag sa pagsulong ng digmang bayan sa India.

Kinilala ng Partido na ang mga pagbabagong ito ay tanda ng pagsulong at pag-unlad. Makapagpapatibay din ito ng pamumuno ng Partido sa pangkalahatang kasapian nito, dagdag pa nila. Sa harap ng SAMADHAN, ang kontra-rebolusyonaryong opensiba ng estado, higit silang determinado na humakbang pasulong. AB

*"Bush...," mula sa pahina 10*

tubig hanggang sa mga planta ng paglikha ng pagkain at mga gilingan ng harina. Sa ulat ng Washington Post noong Hunyo 1991, ang pagbomba ng mga sibilyang pasilidad ay hindi aksidente kundi sinadya noong patapos na ang gera. Daan-daang libong Iraqi ang nangamatay bilang "collateral damage" kahit pagkatapos ng gera. Sa buwan ding iyon, naglabas ng ulat ang isang grupo mula sa Harvard University na nagsaliksik hinggil sa pampublikong kalusugan. Ayon sa ulat, ang pagkawasak ng mga sibilyang imprastrukturang ito ay nagdulot ng malnutrisyon at epidemya tulad ng kolera at tipus.

Sa pag-aaral na ginawa noong Enero 1992 ni Beth Osborne Daponte ng US Census Bureau, tinantya niya na ang 1991 Gulf War ay nagresulta sa pagkapatay ng 158,000 Iraqi, kabilang ang 13,000 kagyat na nangamatay na mga sibilyan at 70,000 sa pagkasira sa mga planta ng elektrisidad at paglilinis ng tubig.

Umani ng maraming biyaya ang US sa paglunsad ng 1991 Gulf War. Dahil sa maraming bansa ang gumastos sa gerang agresyong ito, nagkamal ng malaking tubo ang US sa pagbenta at nasubukan ang nakaimbak nitong modernong mga armas. Lalong nakontrol nito ang suplay ng langis mula sa Middle East at nakakuha ng malaking bahagi sa kita ng langis ng Saudi Arabia, Kuwait at iba pang *emirates* sa pamamagitan ng pagtali sa kanila sa *military sales contracts* kung saan kontrolado ng US ang mga makabagong kagamitan tulad ng mga *anti-missile system.*

Noong 2003, tinanggal ng mga upisyal na US ang libu-libong pahina mula sa mga ulat ng United Nations tungkol sa pagsuplay nito ng mga sangkap para sa paggawa ng armas kemikal sa Iraq. Ayon sa *Die Tageszeitung*, isang pahayagang German, imbwelto ang 24 na korporasyong nakabase sa US at ang magkasunod na administrasyong Reagan at Bush Sr. sa iligal na pagsuplay sa gubyerno ni Saddam para sa paggawa ng armas para sa maramihang pagpatay. AB

## Protesta ng mga "yellow vest" sa France, nagpapatuloy

PUMASOK NA SA ikalimang linggo ang mga kilos protesta ng mamamayang Pranses laban sa anila'y kontra-mahirap na mga polisiya ng gubyerno ni President Emmanuel Macron. *(Basahin sa* Ang Bayan *Nobyembre 21, 2018.)*

Kumpara sa mga nakaraang pagkilos, ang lingguhang kilos protesta (tuwing Sabado) noong Disyembre 15 sa Paris at iba pang syudad ng France tulad ng Saint-Ettiene, Bordeaux at Marseille ay maliit at kalmado pero nanatili pa rin ang galit ng mamamayan sa anila'y elitistang gubyerno.

Sa kabila ng pagliit sa hanay ng mga demonstrador, natulak si Macron na mangakong babawasan niya ang sinisingil na buwis at dagdagan ang sweldo ng mamamayan para apulain ang galit ng "yellow vests".

Nariryan pa rin ang pagdududa ng mamamayan sa anila'y matapobreng gubyerno. Ayon sa isang raliyista, hinigop ng malaking presyur ng pagbubuwis ang enerhiya ng bansa, ng mga negosyante, artisano, maliliit na negosyo, manggagawa, habang ang maliit na porsyento ng mayayaman ay palaging umiiwas sa buwis.

Nagsimula ang mga kilos protesta na tinawag na "yellow vests movement" noong Nobyembre 17 dahil nagsusuot ang mga demonstrador ng mga *fluorescent vest* na karaniwang sinusuot ng mga drayber sa bansa kapag biglaang nagkakaproblema ang kanilang sasakyan. Ang sa simula'y kontra-buwis na mga demonstrasyong ito ay lumaki at lumawak sa buong bansa bilang kilusang anti-gubyerno at nagpababa sa popularidad ni President Macron.

Ginaya rin ng mamamayan sa katabing bansa ng Belgium ang pagkilos ng mga Pranses laban sa neoliberal na patakarang ng kanilang gubyerno. AB